SUN BUCKS

# Ang Summer Food Program para sa Mga Bata!

*Isang bagong food program ang SUN Bucks na nagbibigay sa mga pamilya ng $120 kada kwalipikadong bata para bumili ng mga grocery ngayong tag-init. Ang mga batang makakakuha ng SUN Bucks ay puwede pa ring makatanggap ng iba pang food program tulad ng CalFresh at mga pagkain sa Summer Meal Sites.* ***Para sa lahat ng kwalipikadong bata ang SUN Bucks, at HINDI nito maaapektuhan ang status sa immigration.***

## MAKAKAKUHA BA ANG ANAK KO NG SUN BUCKS?

**Awtomatikong makakakuha ang iyong anak ng SUN Bucks kung:**

- Nakakuha ang iyong anak ng CalFresh o CalWORKS sa anumang punto noong taong pampaaralang 2024-25.
- Nakakuha ang iyong anak ng Medi-Cal sa anumang punto noong taong pampaaralang 2024-25 at nakakatugon ang pamilya mo sa mga alituntunin sa kita sa ibaba.
- Ang iyong anak ay walang tinitirahan, naninirahan sa pansamantalang pangangalaga, o nasa isang migranteng pamilya.
- Nag-apply ka para sa iyong anak na makatanggap ng pederal na Free or Reduced-Price Meals at inaprubahan para sa taong pampaaralang 2024-25.

*Tiyaking na-update ang iyong mailing address sa county mo para maipadala ang iyong SUN Bucks sa tamang lugar!*

**Kakailanganing mag-apply ng anak mo para sa SUN Bucks kung:**

- Pumapasok ang iyong anak sa Community Eligibility Provision (CEP) o Provision 2 na paaralan o isang National School Lunch Program/ School Breakfast Program na paaralan ***AT HINDI*** niya nakumpleto ang isang aplikasyon sa pagkaing libre o binawasan ang presyo sa paaralan ***AT*** hindi niya natutugunan ang mga pamantayan sa itaas.

*Magsumite ng form na "Aplikasyon sa Mga Pangkalahatang Benepisyo" bago ang Setyembre 2, 2025. Tanungin ang iyong paaralan para sa impormasyon tungkol sa kung saan kukunin ang form at kung paano ito isusumite.*

**Posibleng maging kwalipikado ang iyong anak kung ang taunang gross income (kita bago ang mga buwis) ng pamilya mo ay MAS MABABA SA:**

| Kita ng Pamilya | Laki ng Pamilya |
|---|---|
| $39,128 | (2) |
| $49,303 | (3) |
| $59,478 | (4) |
| $69,653 | (5) |
| $79,828 | (6) |

## PAANO GUMAGANA ANG SUN BUCKS?

- Makakakuha ka ng isang bagong SUN Bucks card para sa bawat kwalipikadong bata na ipapadala sa iyong bahay o sa nakatalagang mailing address.
- Ipapadala ang mga card para sa mga awtomatikong na-enroll na bata sa pagitan ng Hunyo at Agosto. Magsisimulang ipadala sa Setyembre ang mga card para sa mga kwalipikadong bata na nag-apply para sa SUN Bucks.
- Puwede mong lagyan ng PIN ang iyong card sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa helpline o sa paggamit ng ebtEDGE app.
- Gagana tulad ng isang debit card ang SUN Bucks card. Magagamit mo ang SUN Bucks para bumili ng pagkain (maliban sa mga pagkaing naihanda na/mainit) at mga grocery store, farmers market, at iba pang bilihang tumatanggap ng benepisyo ng CalFresh.
- Kailangang gamitin ang SUN Bucks sa loob ng 122 araw ng petsa kung kailan nai-load ang mga benepisyo.
- Para sa tulong, tawagan ang pambuong estadong helpline ng SUN Bucks sa (877) 328-9677, bisitahin ang website ng CDSS: cdss.ca.gov/sun-bucks, o bisitahin ang website ng California Association of Food Banks: cafoodbanks.org/sun-bucks

CALIFORNIA ASSOCIATION OF FOOD BANKS | Nourish California | END CHILD POVERTY CALIFORNIA powered by GRACE